

PAUNAWA TUNGKOL SA RENEWAL NG PANUKALANG LUGAR NG PAGPAPABUTI NG NEGOSYO (BIA)

Buod

Ang BIA ay nagpapatakbo ng mga programa at serbisyo na naglalayong palakasin ang sigla ng komersyal na distrito sa iyong lugar (sumangguni sa nakalakip na mapa). Ang kasalukuyang termino ng BIA ay magwawakas sa Marso 2026. Pinapadali ng Lungsod ang pangangasiwa ng BIA levy, gayundin ang taunang proseso ng budget at ang pana-panahong pagbabago ng mga mandato ng BIA.

Paano gumagana ang mga BIA?

Ang mga BIA ay pinamamahalaan ng isang Lupon na binubuo ng mga lokal na may ari-arian at mga may-ari ng negosyo, na inihalal ng mga miyembro. Ang BIA ay pinondohan sa pamamagitan ng isang espesyal na taunang pataw na binabayaran ng mga may-ari ng mga komersyal at magaang industriyal na ari-arian batay sa tinasang halaga ng bawat ari-arian. Kadalasan ang gastos na ito ay ipinapasa sa mga operator ng negosyo bilang mga nangungupahan. Kinukonsulta rin ang mga business operator sa proseso ng renewal ng BIA.

Ang singil sa BIA ay kinokolekta kasama ng mga buwis sa ari-arian at ginagamit ng BIA upang magpatakbo ng mga programang pakikinabangan ng kapuwa mga may-ari ng ari-arian at mga negosyo. Ang mga programang ito ay naglalayong maakit ang mga customer at mapabuti ang kapaligiran sa negosyo sa lugar. Karagdagang impormasyon sa mga BIA sa B.C. ay matatagpuan sa www.bia.bc.ca at para sa BIA sa inyong lugar sa vancouver.ca/bias.

Kung higit sa kalahati ng mga may-ari ng ari-arian, na kumakatawan sa higit sa kalahati ng kabuuang halaga ng ari-arian sa BIA ay magsumite ng mga pagtutol, ang Konseho ng Lungsod ay hindi maaaring magpatuloy sa iminungkahing renewal. Isinasaalang-alang din ng Konseho ang suporta o pagtutol mula sa mga negosyo bilang bahagi ng proseso ng renewal.

PANAHAON NG PAGBIBIGAY NG FEEDBACK PARA SA MGA MAY-ARI NG ARI-ARIAN AT MGA NEGOSYO:

- **Nobyembre 27, 2025 – Enero 31, 2026**

Kailangan pa ng karagdagang impormasyon?

Para sa mga tanong tungkol sa BIA renewal, mangyaring kontakin ang City of Vancouver Business and Economy Office sa biainquiries@vancouver.ca.

Ipinapakita ng mga rekord ng lungsod na nagmamay-ari ka ng hindi bababa sa isang komersyal/magaang industriyal na ari-arian sa loob ng BIA.

✓	Kung sinusuportahan mo ang renewal ng BIA, walang aksyon na kailangan. Gayunpaman, maaari mong irehistro ang iyong suporta sa pamamagitan ng pagkumpleto ng form ng tugon sa ibaba at pagpapadala nito sa Clerk ng Lungsod.	
✗	Kung tututol ka sa BIA renewal, dapat mong kumpletuhin ang form ng pagtugon sa ibaba. Upang maisaalang-alang ang iyong pagsusumite, ang sumusunod na form ng pagtugon ay dapat matanggap sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng email ng Clerk ng Lungsod bago ang Enero 31, 2026 .	
	Ipadala ang koreo sa: City Clerk, Vancouver City Hall 453 West 12th Avenue, Vancouver, BC, V5Y 1V4	Email: ccclerk@vancouver.ca
Tandaan: Tingnan ang webpage para sa panukalang term ng renewal: vancouver.ca/bias		

Form Ng Tugon

Seksiyon 1: Tsekan ang isang opsyon	
Sinusuportahan ko ang panukalang renewal ng BIA.	Tutol ako sa panukalang renewal ng BIA.
Seksiyon 2: Magbigay ng mga detalye ng may-ari ng ari-arian	
Tandaan: Ang mga sumusunod na detalye ay dapat tumugma sa abiso sa buwis sa ari-arian ng Lungsod ng Vancouver.	
Buong Pangalan ng May-ari:	
Address ng Pag-aari:	
Mga Detalye ng Pakikipag-ugnayan (email o numero ng telepono):	
Numero ng Property Folio (opsyonal):	

Lagda ng May-ari

TANDAAN: Ibalik ang nakumpletong form sa pamamagitan ng koreo o sa pamamagitan ng email sa Clerk ng Lungsod hanggang **Enero 31, 2026**. Para sa mga pagsusumite sa email, maaari mong i-scan o kuhanan ng litrato ang nakumpletong form, at ipadala sa: ccclerk@vancouver.ca